# Ang Espiritu ng Diyos



## WARM-UP

- Magkuwento tungkol sa panahong nakuha mo ang isang bagay na pinag-ipunan at matagal mong ginustong magkaroon.
- Ano ang isang "tamang desisyon" na nagawa mo? Ibahagi ang unang bagay na pumasok sa isipan mo.
- Ibahagi ang isang pagkakataong nagawa mo ang isang bagay na hindi mo magagawa kung wala ang tulong ng ibang tao.

## WORD

*[1]Ang maharlikang angkan ni David ay parang punong pinutol. Pero kung papaanong ang tuod ay nagkakaroon ng usbong, darating din ang isang bagong hari mula sa angkan ni David. [2]Mananatili sa kanya ang Espiritu ng Panginoon at magbibigay ito sa kanya ng karunungan, pang-unawa, kakayahan sa pagpaplano, kapangyarihan, kaalaman, at takot sa Panginoon.* **ISAIAS 11:1–2**

(Basahin din ang **MGA GAWA 2:2–4.**)

Nagbigay si Isaias ng propesiya tungkol sa paghahari ng Mesias sa Kanyang pagdating. Ang huli Niyang salita ay hindi paghuhusga kundi pagpapanumbalik sa Kanya. Ito ang sinabi ni Isaias tungkol sa Mesias na maghahari—*mananatili sa kanya ang Espiritu ng Panginoon*. Nakita ang katuparan nito sa Mateo 3:16–17, nang bumaba ang Espiritu ng Diyos kay Jesus na parang kalapati. Matapos ang muling pagkabuhay ni Jesus, nang Siya ay umakyat sa langit, ipinangako Niya sa Kanyang mga mamamayan ang pagpapadala sa Banal na Espiritu. Nangangahulugan ito na ang uri ng kakayahang mula sa Espiritu na inilarawan sa Isaias 11 ay maaari ring matanggap ng mga mananampalataya sa kasalukuyan. Sa araling ito, titingnan natin ang tatlong paraan kung paano tayo binibigyan ng Banal na Espiritu ng kakayahan habang namumuhay tayo kay Cristo.

## 1 Kay Cristo, binibigyan tayo ng Espiritu ng Diyos ng kakayahan na mamuhay sa Kanyang karunungan at pang-unawa.

*Mananatili sa kanya ang Espiritu ng PANGINOON at magbibigay ito sa kanya ng karunungan, pang-unawa . . .* **ISAIAS 11:2**

*[13]Kaya nga ipinangangaral namin ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng mga salitang mula sa Banal na Espiritu at hindi mula sa karunungan ng tao. Ipinangangaral namin ang espiritwal na mga bagay sa mga taong pinananahanan ng Espiritu. [16]. . . "Sino ba ang nakakaalam ng isip ng Panginoon? Sino ba ang makakapagpayo sa kanya?" Ngunit tayo, taglay natin ang pag-iisip ni Cristo, kaya nakakaunawa tayo.* **1 CORINTO 2:13, 16**

Ang pagtatambal sa karunungan at pang-unawa sa ikalawang talata ay tumutukoy sa uri ng pamumuno na may banal na pananaw at makatwirang pagkilala. Sa pamamagitan ng tinapos ni Cristo, tayo ay nabigyan ng karunungan at pang-unawa. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, tayo ay nabigyan ng kakayahan na unawain ang mga espirituwal na katotohanan na hindi natin magagawang unawain sa pamamagitan ng ating sariling kakayahan. Sa ating kasalukuyang mga sitwasyon, paano natin magagawang gamitin ang karunungan at pang-unawa na ibinigay sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu?

## 2 Kay Cristo, binibigyan tayo ng Espiritu ng Diyos ng kakayahan na mamuhay sa Kanyang patnubay at kalakasan.

*Mananatili sa kanya ang Espiritu ng PANGINOON at magbibigay ito sa kanya ng . . . kakayahan sa pagpaplano, kapangyarihan . . .* **ISAIAS 11:2**

*[11]"Kung dahil sa pananampalataya ninyo ay dadalhin kayo sa mga sambahan ng mga Judio o sa mga tagapamahala ng bayan upang imbestigahan, huwag kayong mag-alala kung paano kayo mangangatwiran o kung ano ang sasabihin ninyo. [12]Sapagkat*

*ituturo sa inyo ng Banal na Espiritu sa oras ding iyon kung ano ang dapat ninyong sabihin."* **LUCAS 12:11–12**

Sa kasalukuyan, ang mga salitang *pagpaplano at kapangyarihan* ay kasingkahulugan ng "estratehiya at kalakasan." Ang kombinasyon ng dalawang salitang ito ay tumutukoy sa kakayahang bumuo ng mga gagawing hakbang at kakayahang isagawa ang mga ito. May mga sitwasyon sa buhay natin kung saan nahihirapan tayo o kaya ay walang kakayahan na tumugon dahil sa ating mga limitasyon bilang tao. Binibigyan tayo ng Diyos ng kakayahan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, upang magawa nating mamuhay nang may patnubay at kalakasan. Dahil dito, magagawa nating ipatupad ang mga nararapat na gawin sa iba't ibang sitwasyon. May sitwasyon ka bang kinakaharap ngayon kung saan nahihirapan ka? Paano mo naranasan ang patnubay at kalakasan ng Banal na Espiritu?

## 3 Kay Cristo, binibigyan tayo ng Espiritu ng Diyos ng kakayahan na mamuhay sa Kanyang karunungan at mamuhay nang may takot sa Panginoon.

*Mananatili sa kanya ang Espiritu ng PANGINOON at magbibigay ito sa kanya ng . . . kaalaman, at takot sa PANGINOON.* **ISAIAS 11:2**

17*. . . na bigyan niya kayo ng karunungan at pang-unawa mula sa Banal na Espiritu, para lalo n'yo pa siyang makilala.*
18*Ipinapanalangin ko rin na maliwanagan ang inyong puso't isipan para maunawaan n'yo ang pag-asa na inilaan niya sa atin . . .* **MGA TAGA-EFESO 1:17–18**

Habang tayo ay naniniwala sa Diyos, magagawa din nating lumapit sa Kanya upang ganap natin Siyang makilala; hindi lamang sa ating mga isipan kundi sa ating malalim na ugnayan sa Kanya. Binibigyan tayo ng Banal na Espiritu ng kakayahan na mamuhay nang may banal na paggalang para sa Panginoon. Sa pamamagitan ng ginagawa ng Diyos sa atin, magagawa nating mamuhay sa paraang nagpapakita ng tunay na katapatan at pagsamba sa Diyos. Ito ang tinawag tayong gawin bilang mga mananampalataya: Ang makilala ang Diyos at mamuhay nang may paggalang palapit sa Kanya. Ito ay nagbibigay sa Kanya ng kagalakan at karangalan. Ano ang ilan sa mga praktikal

na bagay na maaari mong gawin upang magkaroon ng mas malalim na pagkakilala sa Diyos?

## APPLICATION

- Namumuhay ka bang taglay ang kalakasang nagmumula sa Espiritu? Paano ito nakikita sa araw-araw mong ginagawa?
- Ano ang mga maaari mong gawin sa ibang pamamaraan upang mas maunawaan ang salita ng Diyos at sundin ang Kanyang tinig? May mga bahagi ba sa buhay mo na nagiging hadlang sa pamumuhay mo nang may pagsunod sa Kanya?
- Paano ka patuloy na lalago sa ugnayan mo sa Diyos? Paano mo maibabahagi ang ugnayang ito sa iba, maging sa salita man o sa iyong mga kilos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala ng Kanyang Espiritu upang manahan sa Kanyang mamamayan. Pasalamatan Siya sa pagbibigay sa atin ng kakayahan na mamuhay nang may kalakasang nagmumula sa Espiritu.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na magpatuloy sa pamumuhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Espiritu at hindi sa pamamagitan ng iyong sariling kalakasan. Ipanalangin na maliwanag mong marinig ang Kanyang tinig habang binibigyan ka Niya ng kakayahan na mamuhay nang may karunungan at pang-unawa, patnubay at lakas.
- Ipanalangin ang iyong pamilya, kaibigan, at komunidad na hindi pa nakakaranas na mamuhay sa kalakasan ng Kanyang Espiritu. Ipanalangin na makilala nila ang Diyos sa makapangyarihang paraan na nagdudulot ng pagbabago.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph